**Mga umiiral at binalak na mga hakbang sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

**Intellectual Property Department**
**(Kagawaran ng Ari-ariang Intelektuwal)**

Ang Kagawaran ng Ari-ariang Intelektwal (IPD) ay nakatuon sa pagbibigay ng de-kalidad na serbisyo sa pagpaparehistro, tugon sa pinakamataas na pamantayang internasyonal, upang ang Hong Kong, China ay manatiling isang lugar kung saan ang talento ng pagiging malikhain ay maaaring umunlad. Upang mapanatili ang isang matagumpay at reaktibong trademark, patent at design sa pagrehistro, mahalaga ang mabilis at epektibong serbisyo ay maibigay sa lahat ng mga miyembro ng publiko anuman ang kanilang lahi.

Ang mga sumusunod na hakbang ay ipinapatupad upang matulungan ang mga tao ng sari-saring lahi, sa aplikasyon para sa pagpaparehistro ng mga trademark, patent at design:

Kasalukuyang Panukala

- Ang abiso hinggil sa paggamit ng interpreter at kaugnay na serbisyo, para sa mga tao ng sari-saring lahi ay nai-post sa Public Service Counter

- Tinutulungan ng IPD ang mga aplikante na hindi nagsasalita ng Intsik o Ingles na may katanungang unibersal sa pamamagitan ng pagbibigay ng serbisyong interpretasyon sa telepono. Nagbibigay rin ng leaflet sa mga aplikante, na nagbibigay impormasyon ukol sa mga serbisyong interpretasyon.

- Ang isang kopya ng mga hakbang na ito ay nai-post sa website ng IPD. Naitaguyod ang hyperlink sa website ng Gobyerno para sa mga taong magkakaiba ang lahi upang ma-access ang impormasyon at mga serbisyo ng gobyerno.

- Kung saan ang isang partido sa isang pagdinig bago ang Registrar ay nagnanais na magsumite o magbigay ng katibayan sa isang wika maliban sa wika ng mga

paglilitis (hal. Instik o Ingles), ang Registrar ay may kapangyarihan na pahintulutan ito at gumawa ng direksyon para sa pagkakaloob ng serbisyo ng interpretasyon, sa mga term na nakikita niyang angkop sa pangangailangan ng IPD.

Pagtatasa sa Hinaharap

- Ang IPD ay kumokolekta ng katugunan at mungkahi mula sa mga aplikante ng sari-saring lahi para sa patuloy na pagpapabuti ng mga serbisyong interpretasyon.
- Regular na susuriin ng IPD ang kanilang serbisyo, upang mapahusay ang proseso ng pag-tugon sa mga pangangailangan ng mga aplikante ng sari-saring lahi sa paggamit ng kanilang mga serbisyong pampubliko.

Panakulang Idaragdag

- Upang mapabuti ang pang-unawa at kamalayan ng mga kawani ng IPD sa Race Discrimination Ordinance (RDO) (Cap. 602), ang mga seminar o pag-uusap sa mga prinsipyo ng RDO ay isasaayos sa Equal Opportunities Commission (“EOC”). Ang learning package ng EOC ay ilalathala din sa lahat ng kawani ng IPD.
- Patuloy na mag-aayos ang IPD ng mga kurso sa pagsasanay sa RDO para sa mga bagong recruit.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga hakbang sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan kay Mr Anakin KWOK, sa Executive Officer (General) sa pamamagitan ng mga sumusunod na channel -

| | | |
|---|---|---|
| Telephone: | : | 2961 6899 |
| Fax no. | : | 2574 9102 |
| Email | : | enquiry@ipd.gov.hk |
| Postal Address | : | 25/F, Wu Chung House, 213 Queen's Road East, Wanchai, Hong Kong |

**Intellectual Property Department**
**Hulyo 2023**